



Language Proficiency of Grade 7 Students as the Basis for Developing ELMO-BASA

Junamel Matunding
junamelbaladjay@sksu.edu.ph

Anesa Mangindra
anesamangindra@sksu.edu.ph

Abstract

The purpose of this study was to assess the language proficiency of students as the basis for developing a teaching module. The study was conducted at Lebak Legislated National High School during the 2025–2026 school year. Specifically, it examined the students' level of language proficiency in various language topics, the validation of the developed instructional module, and the level of acceptance of the module among teachers and students. The study employed the Research and Development (R&D) research design. Students' language proficiency was assessed through a diagnostic test, and the results served as the basis for the development of the instructional module. The module was validated by experts based on its content, appropriateness, organization, and format. In addition, the acceptability of the module among teachers and students was evaluated using the mean and standard deviation. The findings revealed that students demonstrated deficiencies in the topic of grammatical cohesion, particularly in the use of anaphora and cataphora. The developed instructional module was found to be highly effective based on the experts' validation. Likewise, both teachers and students expressed a positive level of acceptance of the instructional module, indicating its effectiveness and quality as a teaching and learning resource. Based on the findings, the use of the developed instructional module is recommended as a supplementary instructional material to enhance students' language proficiency. Furthermore, future researchers are encouraged to examine the effectiveness of the developed module as a supplementary instructional resource in language instruction.

Keywords: *instructional module, language proficiency, validation, acceptability, language*

PANIMULA

Walang pagkakaunawaan kung walang wika. Walang pagkakaisa kung wala ang wika. Sa patuloy na paglipas ng iba't ibang henerasyon, patuloy din ang pagbabago sa wika. Nagkakaroon ng iba't ibang uri at pagbabago dahil sa patuloy na pag-usbong ng mga makabagong *trend* sa wika. Magkagayunpaman, nagiging mahalaga ang wika sa isang bansa higit lalo sa buong mundo.

Ang paggamit ng iba't ibang wika sa parehong edukasyon at lipunan ay nananatiling isang hadlang sa Singapore, na isang bansang multiwika. Bagama't ang Ingles ang nangingibabaw na midyum ng pagtuturo at isang opisyal na wika sa maraming institusyon, karamihan sa mga estudyante ay nagmumula sa mga tahananang nagsasalita ng Malay, Mandarin, o Tamil. Dahil dito, may mga kahirapan sa paggamit at pag-aaral ng wika sa loob ng klase. Ang isinagawang pag-aaral ni Vaish (2019) sa isang paaralan sa Singapore na may mga estudyanteng karamihan ay mula sa mga pamilyang nagsasalita ng Malay bilang unang wika ay nagpapakita na nahihirapan ang mga bata na matutunan ang mga araling ipinapahatid sa Ingles kapag hindi isinasaalang-alang ang wika sa tahanan.

Sa Pilipinas, patuloy na hamon ang mababang antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral, na may kaugnayan din sa mga isyung pangwika. Ayon sa pag-aaral nina Lucas et al. (2021), hindi lang

kurikulum at paraan ng pagtuturo ang dahilan ng mahinang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Pilipino.

Mapapansing ginagamit pa rin ng mga estudyante ng Lebak Legislated National High School ang wikang Filipino sa pakikisalamuha sa kapwa, ngunit mas tahasan ang paggamit ng wikang Ingles ng mga iilang estudyante lalo na sa mga *Science Technology and Engineering (STE) class*. Ipinapakita lamang nito na unti-unting nakalilimutan nating mga Pilipino ang ating tunay na kultura at patuloy na binabalewala ang kahalagahan ng ating sariling wika (Serato et al., 2024).

Hindi sapat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino. Isa sa mga nakikitang suliranin ay ang walang kaalaman sa paggamit ng tamang mga salita, idyoma, at bokabularyo. Dagdag pa rito, mayroon ding kakulangan sa pagpapaunlad ng mga pangungusap sa wastong tuntunin sa paggamit ng wika dahil na rin sa maraming mga mag-aaral na may problema sa Filipino ay kulang sa lantad sa wika (Pablo et al., 2018; Saldagan, 2021).

Upang malunasan ang problemang ito, mahalaga na bigyan ng pansin at pag-aaral ang Wikang Filipino sa larangan ng pang-akademiko maging sa pang-araw-araw na sitwasyon. Kailangan payabungin ang pagtuturo ng Filipino upang maging inspirasyon at gabay sa mas malawak na kaalaman at pagpapaunlad ng ating Wikang Pambansa sa sistema ng edukasyon.

Kaugnay nito, ang mga pahayag at sitwasyong nabanggit ang nag-udyok sa mananaliksik na suriin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika na magiging batayan sa pagbuo ng *Elmo-Basa*. Ayon sa pag-aaral ni Marzan (2019), mas napabubuti ang paggamit ng *contextualized modules* bilang kagamitan sa pagtuturo ang pagganap ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyunal na lecture method. Sa isinagawang *field testing* sa mga Grade 9 na mag-aaral, nakita na mas mataas ang *post-test scores* at *learning gains* ng mga gumamit ng modyul kaysa sa mga tinuruan gamit ang tradisyunal na paraan.

Ang *Elmo-Basa* ay magiging ilaw at gabay ng mga Septang mag-aaral hinggil sa pangunahing kaalaman na kinakailangang matutunan sa wikang Filipino. Ang nilalaman nito ay tiyak na makatutulong sa pag-unlad at paglago ng kasanayan sa wika ng mga Septang mag-aaral. Ang *Elmo-Basa* rin ang magiging ambag ng mananaliksik sa bagong kurikulum bilang kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto.

Nilalayan ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kasanayan sa wika ng mga Septang mag-aaral upang maging batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo.

1. Ano ang antas ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na indikatoryor :
 - 1.1 pagtukoy ng mga panghalip at wastong gamit sa pangungusap;
 - 1.2 kohesiyong gramatikal (anapora at katapora) sa pangungusap;
 - 1.3 paggamit ng *nominal* at berbal sa pangungusap;
 - 1.4 wastong gamit ng pang-ugnay sa pangungusap; at
 - 1.5 pagtukoy at wastong gamit ng pangatnig sa sanhi at bunga ng pangyayari ?
2. Ano ang antas ng balidasyon ng nabuong *Elmo-Basa* ayon sa:
 - 2.1 nilalaman;
 - 2.2 kaangkupan; at
 - 2.3 pagkakabuo at anyo ?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong *Elmo-Basa* batay sa:
 - 3.1 layunin;
 - 3.2 nilalaman;
 - 3.3 pormat;

- 3.4 presentasyon; at
- 3.5 pagsasanay ?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong *Elmo-Basa* batay sa:
 - 4.1 layunin;
 - 4.2 nilalaman;
 - 4.3 pormat;
 - 4.4 presentasyon
 - 4.5 pagsasanay ?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mga mag-aaral sa nabuong *Elmo-Basa*?

METODOLOHIYA

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pananaliksik na ito ang Pananaliksik at Pag-unlad o *Research and Development (R&D)* na ginamit ni Gustiani (2019) na modelo ni Borg at Gall (1983). Tumutukoy ito sa malikhaing gawain na nangangailangan ng sistematiko at masusing pag-aaral upang makabuo ng bagong kaalaman na magagamit sa pagtuturo at pagkatuto. Layunin ng pananaliksik na ito na makabuo ng isang balidong kagamitang modyul batay sa kasanayan sa wika ng mga mag-aaral ng Baitang 7.

2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng mga mag-aaral ng Baitang 7 ng Mataas na Paaralan ng Lebak Legislated sa Dibisyon ng Sultan Kudarat.. Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng dalawang daang (200) respondenteng mag-aaral. Ang mga tagatanggap ng modyul sa mga guro ay binubuo ng tatlong nagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa antas ng akseptabilidad naman ng mga mag-aaral, pinili ng mananaliksik ang tatlong (30) mula sa seksiyon ng *STE o Science Technology and Engineering*.

2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang *Lesson Exemplar (LE)* at *Curriculum Guide (CG)* ng Matatag Kurikulum na pinagbatayan ng mga paksa sa nabuong modyul na magsisilbing panukat sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wika na isinagawa sa pamamagitan ng isang pagsusulit. Gumawa ang mananaliksik ng walumpung (80) aytem na katanungan at sumailalim sa *content validity* ng limang (5) eksperto upang matiyak ang pagiging wasto at kaangkupan.

2.4. Istatistikal Treatment

Ginamit ang *mean at standard deviation* upang matukoy ang antas ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral gayundin ang pagsukat sa antas ng balidasyon ng nabuong modyul. Sa pagsusuri sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mga mag-aaral sa nabuong modyul, ginamit ang *mean at standard deviation* para mailarawan ang pangkalahatang lebel ng pagtanggap. Ginamit naman ang *Paired t-test* upang alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng mga guro at ng mga mag-aaral.

2.5. Etikal na Konsiderasyon

Isinagawa ang pananaliksik alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Tininyak ng mananaliksik ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulang tanggapan bago ang pangangalap ng datos. Pinanatili ring kompidensiyal ang pagkakakilanlan ng mga kalahok, at ginamit lamang ang mga nakalap na impormasyon para sa layunin ng pag-aaral.

RESULTA AT INTERPRETASYON

Talahanayan 1. Resulta ng Antas ng Kasanayan sa wika ng mga Mag-aaral

Paksa	Mean Score	SD	Interpretasyon
Pagtukoy ng mga panghalip at wastong gamit sa pangungusap	6.26	1.60	Mataas
Kohesiyong Gramatikal (Anapora at Katapora) sa pangungusap	3.96	1.68	Mababa
Paggamit ng Nominal at Berbal sa pangungusap	4.30	1.99	Katamtaman
Wastong gamit ng Pang-ugnay sa pangungusap	7.32	1.95	Mataas
Pagtukoy at wastong gamit ng pangatnig sa bunga at sanhi ng pangyayari	5.80	1.92	Katamtaman
Section Mean	5.53	1.83	Katamtaman

Ang mga paksang panghalip at wastong gamit ng pang-ugnay ay kapwa may interpretasyong mataas. Ipinapahiwatig lamang na ang mga mag-aaral ay may kakayahan pa rin upang matugunan ang kasanayan sa wika, ngunit makikitang nangangailangan pa rin ng gabay at karunungan ng mga guro tungkol sa mga paksang ito. Ang mga paksang nominal at berbal, at pangatnig naman ay nasa interpretasyong katamtaman na nangangahulugan lamang na may kulang sa pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral at nangangailangan ng sapat na suporta at pagtuturo mula sa mga guro upang mas mapaunlad pa ang kanilang kaalaman sa mga paksang ito. Samantala, ang paksang anapora at katapora ay nasa mababa at ipinapahiwatig na may malaking pangangailangan sa pagpapalakas ng kaalaman at nangangailangan ng matinding interbensiyon sa tulong ng mga guro.

Isa sa mga mabisang paraan upang matugunan ang kakulangang ito ay ang pagbuo ng modyul tungkol sa wika bilang isang kagamitang pampagkatuto upang makatulong sa mga mag-aaral na linangin at paunlarin ang kanilang kasanayan. Binanggit ni Sumida (2018), mahalagang matukoy ang mga kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng angkop na *grammar instruction* at *written corrective feedback*. Ipinakita ng pag-aaral na ang pagsusuri sa mga pagkakamali ng mga mag-aaral ay nagsisilbing batayan sa pagdidisenyo ng mga estratehiyang nagpapahusay sa kanilang katumpakan sa paggamit ng gramatika.

Talahanayan 2. Kabuoang Resulta ng Balidasyon ng Nabuong Modyul

Indikeytor	Mean	SD	Deskripsiyon
Nilalaman	4.76	0.41	Lubhang Sumasang-ayon
Kaangkupan	4.76	0.41	Lubhang Sumasang-ayon

Received: March 1, 2025 | Accepted: June 25, 2026 | Published: September 30, 2026

Pagkakabuo at Anyo	4.72	0.43	Lubhang Sumasang-ayon
Section Mean	5.53	1.83	Lubhang Sumasang-ayon

Ang mga indiketyor na nilalaman at kaangkupan na lubhang sinasang-ayunan ay nagpapahiwatig lamang na ang nabuong modyul ay angkop gamitin bilang suplementong kagamitang panturo. Ipinapahiwatig din ng resulta na ang mga nilalaman at impormasyon sa nabuong modyul ay madaling maunawaan ng mga guro at mag-aaral, at tiyak na makatutulong sa pag-unlad ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Ang indiketyor naman ng pagkakabuo at anyo ay nasa katagorya pa rin ng lubhang sumasang-ayon. Ipinapahiwatig na mataas pa rin ang kalidad at pagiging kapaki-pakinabang ng nabuong modyul sa pagkatuto ng mga mag-aaral, bagama't may ilang impormasyon na nangangailangan pa rin ng pagwawasto at rebisyon.

Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang mga kagamitang nakahanay sa mga layunin sa pagkatuto ay higit na nakatutulong sa paglinang ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Gerada at Sollano (2021), ang mga modyul bilang kagamitang pampagtuturo ay dapat na nakabatay sa malinaw na layunin sa pagkatuto at organisadong presentasyon ng mga aralin upang maging epektibong gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3. Kabuoang Resulta ng Antas ng Pagtanggap ng Guro sa Nabuong Modyul

Indiketyor	Mean	SD	Deskripsiyon
Layunin	4.82	0.44	Lubos na Katanggap-tanggap
Nilalaman	4.73	0.50	Lubos na Katanggap-tanggap
Pormat	4.87	0.34	Lubos na Katanggap-tanggap
Presentasyon	4.78	0.44	Lubos na Katanggap-tanggap
Pagsasanay	4.35	0.37	Lubos na Katanggap-tanggap
Section Mean	4.71	0.42	Lubos na Katanggap-tanggap

Ipinakita sa iskor ng kabuoang *mean* na ang nabuong modyul ay naging lubos na katanggap-tanggap para sa mga guro. Ang aspektong pormat na may interpretasyong lubos na katanggap-tanggap ay nangangahulugang ang nabuong modyul ay nagtataglay ng angkop na laki at istilo, maging ang mga larawang ginamit ay akma sa bawat aralin at pahayag, kaya naman ito ay nakaaagaw ng atensiyon at nakahihikayat sa mga nakababasa nito. Sa aspektong pagsasanay naman na may lubos na katanggap-tanggap ay nagpapahiwatig lamang na ang mga salitang ginamit ng mananaliksik sa pagtataya ay madaling maunawaan, maging ang mga panuto. Samantala, ang pagsasanay naman na lubos na katanggap-tanggap ay nangangahulugang ang mga layunin na ginamit sa nabuong modyul ay angkop sa kaalaman at naaayon sa kasalukuyang kurikulum na dapat matamo at matutuhan. Ang presentasyon, gayundin ang nilalaman, tulad ng ibang indiketyor na lubos na katanggap-tanggap, ay naglalahad ng pagiging mahusay at malinaw

ng mga ilustrasyong ginamit sa nabuong modyul. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapakita lamang ng pagkakapareho ng mga sagot at ng positibong pananaw ng mga guro.

Sa pag-aaral nina Tan at Coral (2017), ang kahusayan ng mga guro ay maaaring magpatibay sa pag-aaral sa kabila ng kakulangan sa mga materyal. Hindi pa rin ito maitatatwa na ang hindi sapat at magandang kalidad ng mga kagamitan sa pag-aaral ay lubhang nakakaapekto sa pag-aaral.

Talahanayan 4. Kabuoang Resulta ng Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Modyul

Indikeytor	Mean	SD	Deskripsiyon
Layunin	4.63	0.58	Lubos na Katanggap-tanggap
Nilalaman	4.54	0.54	Lubos na Katanggap-tanggap
Pormat	4.63	0.62	Lubos na Katanggap-tanggap
Presentasyon	4.54	0.58	Lubos na Katanggap-tanggap
Pagsasanay	4.67	0.53	Lubos na Katanggap-tanggap
Section Mean	4.60	0.57	Lubos na Katanggap-tanggap

Ang indikeytor na pagsasanay na may deskripsiyong lubos na katanggap-tanggap ay nagpapahiwatig lamang na ang mga salitang ginamit ng mananaliksik ay angkop sa kaalaman ng mga mag-aaral at madaling maunawaan ang mga panuto, maging ang mga pagtataya ay naaayon sa lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang dalawang indikeytor na Layunin at Pormat na parehong may deskripsiyong lubos na katanggap-tanggap ay nagpapahiwatig na mataas ang kalidad ng impormasyon sa nabuong modyul at nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika. Samantala, ang presentasyon at nilalaman naman ay parehong may mean na iskor na may interpretasyong lubos na katanggap-tanggap.

Ang parehong *mean* ngunit magkaiba ang *standard deviation* ay nangangahulugang pareho ang marka ng dalawang indikeytor ngunit magkaiba kung gaano kalapit o kalayo ang mga iskor o marka sa isa't isa. Sinusuportahan nina Martinez at Bartholomew (2017) ang interpretasyong ito na nagsasabing ang *standard deviation* ay nagpapakita ng lawak ng pagkalat ng datos sa paligid ng *mean*; kaya, kahit na ang *mean* ng dalawang pangkat ay pareho, ang magkaibang *standard deviation* ay nagpapakita ng iba't ibang antas ng baryasyon ng mga obserbasyon.

Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng mga Guro at Mag-aaral sa Modyul na Kagamitan

Indikeytor	Mean	SD	df	t	p	Deskripsiyon
Layunin	0.18	0.53	29	1.88	.070	Hindi Makabuluhan
Nilalaman	0.17	0.53	29	1.80	.082	Hindi Makabuluhan

	Received: March 1, 2025		Accepted: June 25, 2026		Published: September 30, 2026	
Pormat	0.23	0.44	29	2.91**	.007	Makabuluhan
Presentasyon	0.24	0.53	29	2.50**	.018	Makabuluhan
Pagsasanay	0.16	0.51	29	1.80	.082	Hindi Makabuluhan
Section Mean	0.20	0.40	29	2.76**	.010	Makabuluhan

Ang mga indiktor na pormat at presentasyon ay may *p-value* na mas mababa sa antas na 0.05 at nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng mga guro at mga mag-aaral sa aspektong ito. Nangangahulugan lamang na may pagkakaiba sa kanilang pamantayan o pananaw sa ebalwasyon sa nabuong modyul na kagamitan. Samantala, ang mga indiktor naman na layunin, nilalaman at pagsasanay ay may *p-value* na mas mataas sa 0.05, nangangahulugan lamang na hindi makabuluhan ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong modyul na kagamitan. Ipinapahiwatig lamang nito na walang sapat na ebidensiya upang maipakita ang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral sa tatlong indiktor. Ibig sabihin lamang nito ay may pagkakapareho sa ebalwasyon at pamantayan ang mga guro at mga mag-aaral sa mga aspektong layunin, nilalaman at pagsasanay na may katumbas na *p-value* na 0.010 na mas mababa pa sa itinakdang antas na 0.05, ipinapakita na ang resulta ay may makabuluhang pagkakaiba. Nangangahulugan lamang na ang dalawang grupo ay may pagkakaiba sa pananaw at ebalwasyon sa nabuong modyul na kagamitan.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan ni Pingil (2022), na nagpakita na ang mga guro at mga mag-aaral ay may magkakatulad na pananaw sa *functionality*, *relevance*, at *acceptability* ng nabuong *instructional modules*. Ipinahihiwatig nito na ang isang mahusay na nabuong modyul ay maaaring magbunga ng magkakaparehong antas ng pagtanggap mula sa dalawang pangkat.

KONKLUSYON

Napatunayan sa pag-aaral na may kakulangan ang mga mag-aaral sa kasanayan at kaalaman tungkol sa wikang Filipino lalo na sa gramatika. Dahil dito, naging mahalaga ang nabuong modyul na kagamitan na nakapokus sa pag-unlad at paglinang sa kaalaman ng mga mag-aaral sa wika.

Batay sa resulta ng balidasyon, ang nabuong modyul na kagamitan ay may mataas na antas ng pagsang-ayon na ipinakita sa tatlong indiktor: nilalaman, kaangkupan, pagkakabuo, at anyo na nagpapatunay na ang kagamitang nabuo ay angkop na gamitin, malinaw, may kalidad na disenyo, at naaayon sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.

Samantala, sa antas ng pagtanggap ay nagpakita rin ng positibong pagtanggap mula sa mga guro at mga mag-aaral na nagpapatunay sa kaangkupan at kahalagahan nito sa pagtuturo at pagkatuto. Ipinapahiwatig lamang na katanggap-tanggap na gamitin ng mga guro ang nabuong modyul sa kanilang pagtuturo.

Batay sa resulta ng pagtanggap ng mga mag-aaral, naging lubos na katanggap-tanggap ang nabuong modyul ayon sa kanilang sariling pananaw at ebalwasyon. Ipinapakita lamang na karapat-dapat itong gamitin upang malinang ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wika.

Sa paghahambing ng pagtanggap ng mga guro at ng mga mag-aaral, nakitang may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pananaw at ebalwasyon sa nabuong modyul.

SANGGUNIAN



Received: March 1, 2025 | Accepted: June 25, 2026 | Published: September 30, 2026

- Agoncillo Jr., R. B. (2024). Hugnayang kognitibo: Pagtatala at pagsusuri sa proseso ng pagbuo ng kagamitang panturo sa Filipino gamit ang instruksiyon sa telebisyon-DepEd TV [Paper presentation]. Caloocan National Science and Technology High School.
- Department of Education. (2024). *MATATAG Curriculum Guide: Filipino Baitang 4 at Baitang 7*. Department of Education
- Dipolog, S., & Limpot, M. (2022). Motibasyong pangwika ng mga mag-aaral: Isang istruktural na panatayang dulong. *International Journal of Research*, 11(3), 157–188.
- Dragon, C. D. (2023). Pagtataya sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 7(1), 269–281.
- Estera, J. E. D., & Janer, S. S. (2022). Balidasyon ng MELC-based learning activity sheets sa Filipino sa piling larang akademik (*Validation of MELC-based learning activity sheets in Filipino for selected academic field*). *Puissant*, 3, 366–380.
- Malaluan, Y. E. S. M., Tuanda, R. K. O., Gaviola, S. J. P., Econar, P. B. S., Tezano, L. H. A., Juanite, L. K. Q., & Gaddi, J. A. G. (2024). Epekto ng dayuhang impluwensiya sa wika at kultura ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(5), 1102–1120.
- Martinez, M. N., & Bartholomew, M. J. (2017). What does it “mean”? A review of interpreting and calculating different types of means and standard deviations. *Pharmaceutics*, 9(2), Article 14. <https://doi.org/10.3390/pharmaceutics9020014>
- Peña, J. M. I. D. (2023). Online modyul para sa MAED Filipino Pagsasaling-Wika: Isang pagtataya (*Online Module for MAED Filipino Translation: An Assessment*). *Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research Journal)*, 83(2), 57–70.
- Quintino, H., & Abagon, B. S. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 5(6), 463–472.
- Tolete, H. E., & Zamora, N. C. L. (2023). Pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa Junior High School: Batayan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto. *International Multilingual Journal of Science and Technology*, 8(10)
- Zamora, N. C. L. (2016). Pagtataya sa modularisasyon ng K-12 sa asignaturang Filipino: Tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan. *The Normal Lights*, 10(2), 207–236.